# Balitang Manmin

BILANG 176  MARSO 19, 2017

# "Tulad ng Unang Iglesya, Nananalangin Kami sa Santuwaryo Araw-araw!"

## Nagsimula na ang Dalawang Magkasunod na Espesyal na Sesyon ng Pulong Panalanging Daniel



Sa Pulong Panalanging Daniel, napakaraming miyembro sa buong mundo ang nananalangin ng sabay-sabay sa pamamagitan ng GCN at internet, patuloy ang pagtanggap nila ng mga kasagutan at pagpapala. Lalong-lalo na sa espesyal na pulong panalanging Daniel kung saan nagdadaos sila ng masayang bigayan ng premyo sa tuwing huling araw nito.

Noong Pebrero 20, 2017, nagsimula na ang espesyal na pulong panalanging Daniel para sa unang anim na buwan ng taon. Idadaos ito hanggang Abril 2, sa loob ng 42 araw. Ang presidente ng Manmin Prayer Center na si Mrs. Bokinim Lee ang nangunguna sa pananalangin, tumatanggap ng mga kasagutan ng Diyos ang mga naroon dahil sa maalab na panalangin na umaalingawngaw at umaabot sa kaharian ng langit. Idinadaos ang pulong panalangin tuwing ika-9:00 hanggang 11:40 ng gabi (oras ng Korea) mula Lunes hanggang Huwebes, maliban kung Biyernes dahil sa magdamag na pagsamba, at ika-11:00 ng gabi kapag Sabado at Linggo.

Tinanggap ni Daniel ang sagot sa dalangin niya sa loob ng 21 araw (Daniel 10:12-14), at ang pulong panalangin ay ipinangalan sa kanya. Nagdadaos ng mga bagong pulong panalangin ang Manmin Prayer Center bawat 21 araw na may iba-ibang paksang idinadalangin, at nagsasagawa ng magkasunod na espesyal na pulong panalanging Daniel dalawang beses sa isang taon. Ang unang pagpupulong para sa taong 2017 ay tinatawag na "Bunga ng mga Luha ng Pastol."

Ang panimulang panalangin ay nagsisimula sa ika-8:40, at noong Pebrero 20, unang araw, tumanggap ng basbas mula sa Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na nasa Bahay Panalanginan sa Bundok ang mga dumalo. Sa huling araw, Abril 2, magbababasbas uli si Dr. Lee.

Sa kasalukuyan, dumadalo ang mga miyembro ng humigit-kumulang 11,000 sangay at katuwang na mga iglesya sa loob at labas ng Korea sa pamamagitan ng GCN at internet (www.gcntv.org). May ilan ding dumadalo sa pamamagitan ng naka-record na brodkast, dahil iba ang oras sa lugar nila. Natupad na ng maraming miyembro ang kalooban ng Panginoon, naibahagi ang ebanghelyo sa kanilang mga pamilya, nabiyayaan sa negosyo, tumanggap ng kasagutan sa mga problema, at nakamit ang mga minimithi ng puso dahil dumalo sila sa Espesyl na Pulong Panalanging Daniel (basahin sa pahina 4).

Nagtitipon ang mga miyembro sa santuwaryo ng Manmin Central Church na may iisang layunin bawat araw tulad ng mga miyembro ng Unang Iglesya. Idinadalangin nila ang pagbabahagi ng ebanghelyo sa buong bansa, pagmimisyon sa buong mundo, at ang kaharian at katuwiran ng Diyos. Nakakatulong sa pagpapalago ng espiritu nila at pagpapalawak ng kaharian ng Diyos ang mga panalanging tulad nito. Ito ang pwersang nagtutulak sa iglesya para ipahayag ang Salita ng Buhay at kapangyarihan ng Diyos sa napakaraming tao sa buong mundo. Nagpaparami rin ito ng miyembro kaya naging napakalaking iglesya na ang Manmin Central Church na may humigit-kumulang 11,000 sangay at katuwang na iglesya sa loob ng 35 taon lamang.

## Mga Pastor, Misyonero, at mga Manggagawang Levita

Noong Pebrero 15, 2017, sa ganap na ika-11:00 ng umaga, idinaos sa pinakamalaking santuwaryo ang Ika-25 pagtatapos ng Alliance Holiness Theological Seminary at ang Ika-10 pagtatapos ng Manmin International Seminary. Namuno dito ang Direktor ng Academic Affairs na si Joongwon Lee, nanalangin si Elder Boaz J. Lee, at umawit ng espesyal na papuri ang Heavenly Voice Chorus. Ipinangaral ng Dekano ng Seminaryo Pastor Sangtae Kim ang mensahe na mula sa 2 Mga Taga-Corinto 9:10, na pinamagatang "From What is Small." Iniulat ng Presidente ng mga Seminaryo na si Dr. Esther Chung ang tungkol sa mga gawain ng seminaryo, pagkatapos, siya rin ang nag-abot ng mga diploma sa mga nagtapos. Ang 'Board Chairman Award' ay ibinigay kay Pastor Kwankyu Lee (nasa litrato), at ang 'President Award' ay iginawad kay Pastor Jiyoung Lee.

Dahil sa pagsisikap nilang makapagturo at magsanay ng mga espirituwal, may kakayahan, at maaasahan na pastor, misyonero, at mga manggagawang Levita, nagsimula na ang mga nagtapos ng sariling ministeryo bilang mga misyonero sa ibang bansa, mga pastor sa mga sangay na iglesya, mga pastor sa mga parokya, mga patnubay na pastor ng malaking iglesya, o mga manggagawang Levita.



Noong taong 2017, ayon sa kalooban ng Diyos, itinalaga si Dr. Esther Chung bilang Presidente ng Alliance Holiness Theological Seminary. Plano niyang magsanay ng mas marami pang mga pastor at mga manggagawa ng Diyos. Magkasabay tinuturuan ang mga nasa unang taon at ang mga nasa pangalawang taon para sa paglago ng kanilang pananampalataya at pagpapabuti ng kakayahan. Pagdating nila sa pangatlong taon, pipili sila kung gusto nilang mag-pastor, misyonero, manggagawang Levita, o maglingkod sa kahit anong klaseng paraan. Sa pang-apat na taon, bibigyan sila ng posisyon bilang pastor o manggagawang Levita, depende sa ipinakita nilang kakayahan sa pagtupad ng mga ibinigay na gawain.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Mga Taong Hindi Maliligtas Kahit Sinasabing Nananampalataya (2)

"Hindi lahat ng nagsasabi sa Akin, 'Panginoon, Panginoon', ay papasok sa kaharian ng langit..." (Mateo 7:21)
"...May kasalanang tungo sa kamatayan, hindi tungkol dito ang sinasabi ko na idalangin ninyo." (1 Juan 5:16)

Kapag tumatanggap sa Panginoon ang tao, ang layunin nila ay para maligtas at makapasok sa Langit. Kung sasabihin nila, "Panginoon! Panginoon!" pero hindi sila makapasok sa Langit, nakakaawa naman sila! Pag-aralan natin ang ilang dahilan kung bakit hindi maliligtas at makakapasok sa Langit ang tao kahit sinasabi nilang nananampalataya sila.

### Dahilan 1: Nilalapastangan, Pinakikialaman, at Nilalabanan ang Banal na Espiritu

Tumutukoy ito sa mga salita at gawa na lumalaban sa pagkilos ng Diyos (Mateo 12:31-32; Marcos 3:20-30; Lucas 12:10). Ang mga salitang ito ay nanggagaling sa mga taong sinasabing nananampalataya sila sa Diyos at nakakaalam ng katotohanan, hindi ito nagmumula sa mga hindi mananampalataya na umuusig sa iglesya at hindi nakakakilala sa Diyos. Hindi maliligtas ang mga taong ito dahil nilalabanan nila ang kapangyarihan ng Diyos at sinusunod nila ang likas na kasamaan nila.

Paano sasabihing anak ng Diyos ang isang tao kung pagkatapos niyang makita ang pagpapagaling ng mga karamdaman at kahinaan, at ang pagpapalayas ng mga demonyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos ay lalapastanganin, pakikialaman, at lalabanan pa rin niya ang Banal na Espiritu, at saasabihing "kapangyarihan ni Satanas" ang nakita niya? Kung nakita niya ang kapangyarihan ng Diyos na hindi kayang gawin ng tao, walang dapat gawin ang isang mabuting mananampalataya sa Diyos kundi magpasalamat at luwalhatiin ang Diyos.

Ikakaila at lalabanan ng masasamang tao ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu at ng Diyos. Walang kapangyarihan ang masasamang espiritu para magpagaling ng mga tao mula sa mga karamdaman at kahinaan. Ayaw ng masasamang tao na luwalhatiin ang Diyos dahil nagpalayas Siya ng masasamang espiritu at nagpagaling ng mga maysakit! Ang pakikialam sa ministeryo ng mga lingkod ng Diyos na nagpapakita ng kapangyarihan Niya ay paglapastangan din. Katulad din ng pakikialam ang paglaban sa Diyos dahil hindi nila kinikilala ang lingkod ng Diyos at ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu na ipinakita sa pamamagitan nila.

Noong panahon ng Exodo, sinisi ng mga Israelita sina Moises at Aaron dahil wala silang makain, nagreklamo sila laban sa mga ito. Sinabi sa kanila ni Moises, "Sapagkat naririnig ng PANGINOON ang inyong mga pagrereklamo na inyong sinasabi laban sa Kanya. At ano kami? Ang inyong mga pagrereklamo ay hindi laban sa amin, kundi laban sa PANGINOON" (Exodo 16:8). Sa unang limang talata ng Ang Mga Gawa kabanata 5, may kwento tungkol kay Ananias at sa asawa nitong si Safira. Ipinagbili nila ang kanilang ari-arian at nangakong ibibigay ang kikitain sa Diyos. Pero dahil nagdamot sila, itinago nila ang bahagi ng kinita, dinala ang ilan kay Pedro. Nagpanggap silang ibinigay ang lahat. Dahil hindi lang si Pedro ang dinaya ng mag-asawa kundi ang Banal na Espiritu at nagsinungaling sila sa Diyos mismo, namatay sila, hindi na sila binigyan ng pagkakataong magsisi (Ang Mga Gawa 5:1-11).

### Dahilan 2: Ipinapahiya ang Anak ng Diyos sa Paulit-ulit na Pagpako sa Kanya sa Krus

Mababasa natin sa Sa Mga Hebreo 6:4-6, "Sapagkat hindi mangyayari na ang mga dating naliwanagan na, at nakalasap ng kaloob ng kalangitan, at mga naging kabahagi ng Espiritu Santo, at nakalasap ng kabutihan ng salita ng Diyos, at ng mga kapangyarihan ng panahong darating, at pagkatapos ay tumalikod ay muling panumbalikin sa pagsisisi, yamang sa kanilang sarili ay muli niyang ipinapako sa krus ang Anak ng Diyos, at itinataas sa kahihiyan." Tinutukoy ng talatang ito ang mga taong natukso, tumalikod sa Diyos, bumalik sa kamunduhan, at pinigilang mahayag ang kaluwalhatian ng Diyos kahit tinanggap na nila ang Banal na Espiritu, naranasan ang pagpapala ng Diyos, nalaman na may Langit at Impiyerno, at narinig at nagtiwala sa Salita ng katotohanan.

Mas magiging makapangyarihan si Satanas sa buhay ng mga taong bumabalik sa kamunduhan kahit naranasan na nila ang pagpapala ng Diyos at ang pagkilos ng Banal na Espiritu, magdidilim ang buhay nila. Mas magiging masama sila kaysa sa mga hindi mananampalataya, at babawiin ang pagpapalang ibinigay sa kanila. Sila pa ang magsisimulang umusig sa iglesya at sa mga mananampalataya. Hindi pagkakalooban ng espiritu ng pagsisisi ang mga taong nagpapahiya sa ating Panginoon kaya mamamatay sila.

Isipin ninyo si Judas Iscariote, naging disipulo siya ni Jesus. Nakita niya ng personal ang ministeryo ni Jesus, pero dahil inuna niya ang sariling kapakanan, ipinagpalit niya si Jesus sa 30 pirasong pilak. Nalaman natin na dahil sa pagkakasala at panghihinayang niya, nagpakamatay siya. Wala siyang pagkakataong pagsisihan ang ginawa niya.

### Dahilan 3: Nagkakasala Pagkatapos Tanggapin at Malaman ang Katotohanan

Sinasabi sa atin ng Sa Mga Hebreo 10:26-27, "Sapagkat kung sinasadya nating magkasala, matapos nating tanggapin ang lubos na pagkakilala ng katotohanan, ay wala ng natitira pang alay para sa kasalanan, kundi isang kakilakilabot na paghihintay sa paghuhukom, at isang naglalagablab na apoy na tutupok sa mga kaaway." Ang mga talatang ito ay tumutukoy sa mga taong batid ang katotohanan pero nagkakasala pa rin kahit nagbabala ang Diyos.

Pinapaalalahanan tayo ng 2 Pedro 2:21-22, "Sapagkat mas mabuti pa sa kanila ang hindi nakakaalam ng daan ng katuwiran, kaysa, pagkatapos na malaman ito ay tumalikod sa banal na utos na ibinigay sa kanila. Nangyari sa kanila ang ayon sa tunay na kawikaan, 'Nagbabalik muli ang aso sa kanyang sariling suka,' at, 'Ang babaing baboy na nahugasan na, sa paglulublob sa putik.'" Alam ng mga taong gumagawa ng kasalanan na nagkakasala sila. Pinagsisisihan nila ang ginawa nila, pero binabalikan pa rin nila ang makasalanang buhay.

May pagkakataong natukso si Haring David, pumatay siya ng tao. Pero nang magsalita ang isang propeta tungkol dito. Nagsisi siya agad, at nagbago. Nang magkaroon siya ng mga pagsubok dahil sa kasalanang ginawa niya, nagpakumbaba siya, kaya naiwaksi niya ang makasalanang ugali mula sa puso niya, naging perpekto siya sa mata ng Diyos. Kabaliktaran ito ng kwento ng buhay ni Haring Saul. Kahit pinaalalahanan siya ng Propeta Samuel tungkol sa mga kasalanan niya, nagdahilan siya, hindi siya nagsisi.

Nangyayari pa rin ito sa kasalukuyan. Kung nagkasala ang isang taong nakakabatid ng katotohanan at nagpapatotoo tungkol sa pananampalataya, dapat siyang magsisi mula sa kaibuturan ng puso. Dapat siyang lumakad sa liwanag at magkaroon ng mabubuting bunga ng Banal na Espiritu na nananalangin para sa kanya, dumadaing at nagpapaalala ng mga pagkakamali niya. Pero kung sinasadya niyang magkasala, tatalikuran siya ng Diyos. Kung mangyayari ito, hindi tatanggapin ng taong ito ang espiritu ng pagsisisi. Mamamatay ang ningas ng Banal na Espiritu (1 Mga Taga-Tesalonica 5:19).

Mahal kong mga kapatid Cristo, kahit isinulat ang mga pangalan ninyo sa Aklat ng Buhay nang tanggapin ninyo ang Panginoon, pero kung hindi kayo magsisisi sa harapan ng Diyos at gigibain ang pader ng kasalanan, buburahin ang mga pangalan ninyo sa Aklat ng Buhay (Pahayag 3:5).

Bukod dito, kahit ang kasalanang nagawa ninyo ay hindi "magdadala sa inyo sa kamatayan," kung hindi ninyo iwawaksi ito at pagsisisihan, hindi kayo mapupuspos ng Banal na Espiritu, matutukso pa kayo ni Satanas, at makakagawa ng kasalanang "magdadala sa inyo sa kamatayan" at ang kaligtasan ninyo ay kahiyahiya. Kaya, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na lumaban nawa kayo sa kasalanan hanggang sa dumanak ang dugo, iwaksi nawa ninyo ang lahat ng klase ng kasamaan (Sa Mga Hebreo 12:4; 1 Mga Taga-Tesalonica 5:22).

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)
"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Isang Sisidlan para sa Mabilis na Kasagutan

"Mga minamahal, kung tayo'y hindi hinahatulan ng ating puso, tayo ay may kapanatagan sa harapan ng Diyos. At anumang ating hingin ay tinatanggap natin mula sa Kanya, sapagka tinutupad natin ang Kanyang mga utos at ginagawa natin ang mga bagay na kalugud-lugod sa Kanyang harapan" (1 John 3:21-22). Kayang ibigay ng Diyos ang mga kasagutan sa lahat ng klaseng panalangin para sa mga minamahal Niyang mga anak, ikinalulugod Niya ito. Pero dapat nating malaman kung paano natin makukuha ang mga kasagutan Niya, kumilos tayo agad. Pag-aralan natin ang mga paraan.

## ◈ Tiyakin ang Pananampalataya para Maligtas

Nais ng Diyos na makapagligtas at makarating sa Langit ang kahit isa pang kaluluwa sa pamamagitan ng pananapalatayang nakakapagligtas. Ito ang dahilan kung bakit nagpapakita Siya ng mga tanda at himala. Pero kahit maranasan pa ninyo ang kapangyarihan Niya mawawalan ng kabuluhan ito kung babalikan ninyo ang dati ninyong buhay at tatalikuran ang Diyos.

Sa Lucas 17:11-19, nagpagaling si Jesus ng sampung lalaking may ketong pero isa lang ang bumalik para magpasalamat at luwalhatiin ang Diyos. Pwede ring gumaling ang siyam sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Jesus pero hindi sapat ang pananampalataya nila para gumaling. Gaya ngayon, ang mga gumagaling na may ganitong klaseng pananampalataya ay nawawala at umaalis. Kaya, para tumanggap ng mga kasagutan mula sa Diyos, dapat maging karapat-dapat ang pananampalataya para makaranas ng kapangyarihan Niya. Tatanggap tayo ng mga tunay na biyaya at kasagutan kapag may pananampalataya tayong nakakapagligtas.

Ang mga may sakit sa pag-iisip, mga sinasapian ng demonyo, o mga maliliit na bata ay hindi magkakaroon ng pananampalataya kung hindi sila tutulungan. Dapat silang idalangin ng kanilang mga magulang o mga kamag-anak ng may pananampalataya at pagmamahal. Kapag iwinaksi nila ang mga kasalanan, naging banal, at lumakad sa Liwanag na may hangaring manahan sa mas mabuting tirahan sa Langit para sa kapakanan ng mga taong maysakit, tatanggap din ang mga ito ng mga kasagutan.

Higit sa lahat, dapat maintindihan nila kung ano talaga ang pananampalataya sa Panginoon, dapat nilang mahalin ang Diyos ng taos-puso, at maging mga minamahal na anak Niya.

## ◈ Umibig Mula sa Inyong Puso

Nadama ni Maria Magdalena ang tunay na pagmamahal at katotohanan nang makatagpo niya si Jesus. At dahil nakagtagpo niya ito, napanatag siya at nagkaroon ng kapanatagan ang madamdaming buhay niya. Kahit ganito ang nangyari, hindi nagbago ang pagmamahal niya kay Jesus. Dahil sa ganitong klaseng kalooban, gumaling ang lahat ng klaseng karamdaman niya nang sabay-sabay. Siya rin ang pinakaunang nakakita ng muling pagkabuhay ng Panginoon.

Tulad niya, dapat nating madama ang pag-ibig ng Diyos mula sa kaibuturan ng ating mga puso para magkaroon tayo ng tunay na pagmamahal. Iwaksi natin ang lahat ng makalaman na saloobin, at hilingin natin ang espirituwal na panampalataya. Kung totoong mahal ninyo ang Diyos, hindi kayo malulungkot kahit hindi ibigay sa inyo ang inaasaan ninyo.

Ipagpalagay nating gustong gumaling ng isang taong may kapansanan mula noong ipanganak siya. Dapat magkaroon siya ng pananampalataya na kalulugdan ng Diyos at hahaplos sa puso Niya. Ang pagpapagaling ng Diyos sa mga kapansanan ay hindi nagmumula sa kaalaman na mula sa mundo o paaralan. Kaya kung gagamitin ang kaalaman na nakuha ng isang tao sa mundo, hindi siya magkakaroon ng tunay na pananampalataya.

Dapat niyang buwagin ang makalaman na pag-iisip, bigyan niya ng lugod ang Diyos. Punuin niya ang sukat ng katarungan na aantig sa puso ng Diyos. Kung makakamit niya ang sukat ng katarungang hinihingi mula sa kanya, bibigyan siya ng pananampalataya na hahaplos sa puso ng Diyos para pagalingin siya.

## ◈ Magsulong ng Buhay na Mayroong Walang Patid na Pagpapasalamat at Pagpupuri

Ang taong tuso ay nagbibigay lang kapag may natanggap. Kapag binigyan siya ng isa, magbibigay din siya ng isa. Kapag siya naman ang naunang magbigay, gusto niyang tumanggap ng kapalit. Iniisip ng taong ito na dapat bayaran ang kabutihan, at kapag hindi binayaran ang kabutihang ginawa niya, hindi na siya mapalagay. Umaasa siyang may tatanggapin siya mula sa Diyos dahil naging tapat siya at marami siyang inihasik. Kung hindi siya mabibigyan ng pagpapalang inaasahan niya, malulungkot siya at mababahala.

Nagpapatawad nang paulit-ulit ang Diyos ng pag-ibig. Pinapatawad Niya ang mga nananakit ng kalooban Niya, kung magsisisi lang sila. Kung maghahasik tayo para sa Diyos ng may pananampalataya at pag-ibig, bibigyan Niya tayo ng hustong takal, siniksik, niliglig, at umaapaw, at tatlumpu, animnapu, at isandaang beses pa. Napakadakila ng pag-ibig ng Diyos, hindi natin maiintindihan ang kalaliman at kadakilaan ng kalooban Niya.

Kung mauunawaan ninyo ang dakilang pag-ibig Niya, magiging masaya kayo. Ilalan ninyo ang lahat, pati na ang buhay ninyo. Hindi ninyo iisipin, "Ang dami kong ginawa, pero walang kahit na anong bagay na ginawa para sa akin." Isipin ninyo kung anong pwede ninyong ibigay sa Kanya, gawin ninyo itong masigasig. Magpasalamat at magpuri kayo ng walang patid dahil iniisip ninyo ang pagpapalang tinatanggap ninyo mula sa Diyos.

## ◈ Gibain ang Pader ng Kasalanan, Magsisi, Manalangin ng may Pananampalataya

Ayon sa Lumang Tipan dapat batuhin hanggang mamatay ang mga taong nakikipag-ugnay sa masasamang espiritu o mga espiritista at mga sumasamba sa mga diyus-diyosan (Levitico 20; Deuteronomio 13, 17). Maraming matititinding pagsubok at problema ang isang pamilyang sumasamba sa mga diyus-diyosan (Exodo 20:3-6). Kahit naniniwala sila sa Diyos, maraming problema ang buhay nila bilang mga Cristiano, hindi sila makatuon sa mga pagsamba. Hindi nila lubos na maintindihan ang Salita kahit ilang taon na nila pinapakinggan ito ni hindi sila makapanalangin.

Bukod dito, kung nanghuhula o nangungulam ang isang tao at nakikipag-usap sa masasamang espiritu at nabenta ng espiritu niya sa mga ito, nilalabag niya ang kapangyarihan ng Diyos, lumalampas na siya sa limitasyon bilang tao. Mapopoot sa kanya ang Diyos, at pagsasamantalahan siya ng mga masasamang espiritu. Gagawin ng mga ito ang lahat para pigilan ang pagtitiwala niya kay Jesu-Cristo kahit sikapin niyang maging Cristiano.

Napakalaking pagpapala sa isang taong nagtayo ng malaking pader ng kasalanan sa harapan ng Diyos ang magtiwala sa Kanya at maligtas. Dapat siyang magpasalamat sa malaking pagpapalang ito at magpatuloy sa pananalangin at pagsamba nang may malaking pananampalataya. Ibibigay ng Diyos ang mga ninanais ng puso niya kung magsisikap siya para makuha ang mga kasagutan at kung mananalangin siya nang walang patid at mananampalataya. Tatanggapin niya ang pagpapalang makapagsisi para magkaroon ng mga kasagutan at mga biyaya.



# "Dahil sa Apoy ng Banal na Espiritu, Gumaling ang Hika at Brongkitis Ko, ang Bukol sa Aking Matris ay Nawala!"



Diakonesa Eunhee Kim, 57 taong gulang, Parokya 29, Manmin Central Church

Napapabayaan ko dati ang pananalangin, ginagamit kong dahilan ang trabaho ko. Kapag pinapaalalahanan ako ng pastor namin sa parokya na manalangin, hindi ko sinusunod. Nalulungkot ako. Pero, nang pansamantalang huminto ako sa trabaho para tulungan ang anak kong babae sa pag-aalaga niya ng sanggol, nagsimula din ako sa pagdalo sa espesyal na pulong panalanging Daniel. Nagalak ako sa pananalangin.

Noong taong 2016, hinangad kong dumalo sa Espesyal na Pulong Panalanging Daniel na idinaos noong Oktubre 10. Dalawang buwan na akong inuubo noong panahong iyon, mayroon ako hika at brongkitis, namaos din ako. Gusto kong hilingin sa Diyos na pagalingin ako. Dahil sa hangarin kong gumaling, nagbiyahe ako papunta sa iglesya sa Guro-dong, Seoul mula sa bahay ko na nasa Sanbon, Gyeonggi-do. Sumakay ako sa ilang bus at tren para makarating sa pupuntahan ko, napakahirap! Pagdating ko doon, uminom ako ng makapangyarihang Muan Sweet Water, nanampalataya ako at nanalangin.

Dahil nagkaroon ako ng tigdas noong bata pa ako, hindi nagamot ang hika at brongkitis ko. Sa sandaling magka-ubo ako, hindi na ito hihinto sa loob ng ilang buwan. Ito ang pinakamalaking problema sa buhay ko. Sa loob ng 21 araw, hindi ako makaawit ng mga papuri at makapanalangin dahil namamaos ako sa kakaubo. Ikinalungkot ko ito.

Pero, noong Oktubre 31, nang magsimula ang pangalawang sesyon ng espesyal na pulong panalanging Daniel, may kamangha-manghang pagkilos ang Banal na Espiritu sa akin. Noong araw na iyon, masaya ako sa pagpunta sa iglesya. Pagpasok ko pa lang dito, damang-dama ko na ang malaking pagpapala. Napaiyak ako, tinanggap ko ang pgpapala ng lubos na pagsisisi sa simula pa lang ng pag-awit ng papuri.

Nagsisi ako dahil inaaway ko ang ibang tao, mainitin ang ulo ko, at hindi ako sumusunod sa Salita ng Diyos kahit batid ko na iniligtas ako ng dakilang pag-ibig Niya at ginagabayan ako patungo sa Bagong Jerusalem. Mahaba ang pananalangin ko, umiyak at sinipon na ako. Nadama ko ang apoy ng Banal na Espiritu mula ulo hanggang paa, parang kinukuryente ako.

Pagkatapos, tumigil ako sa kakaubo at bumalik ang boses ko. Masayang-masaya ako dahil nasasabi ko ang pagpapasalamat ko araw-araw. Tinapos ko ang pangalawang sesyon ng espesyal na pulong panalanging Daniel. Malusog na ako, at magmula noon, hindi na ako nagkaroon ng problema sa kalusugan.

Noong Disyembre 7, may nalaman akong isa pang bagay na nangyari sa akin. Sampung taon na akong may tatlong bukol sa matris, lumaki ang mga ito mula 1sm-3sm. Sinabihan ako na kapag mas lumaki pa ang mga ito, kailangang magpaopera ako. Noong Disyembre 7, pumunta ako sa Samsung Seoul Hospital para sa regular na pagpapasuri. Nagulat ang doktor dahil wala na siyang nakitang mga bukol.

Nasorpresa din ako, hiniling ko na tingnan niya ulit, pero sabi niya, wala na talaga. Naalala ko na tinanggap ko ang apoy ng Banal na Espiritu sa espesyal na pulong panalanging Daniel. Nadama ko ang liwanag sa katawan ko at naging malusog ako kaya nawala rin ang mga bukol ko sa matris.

Marami pa rin akong pagkukulang sa Diyos pero dahil sa kamangha-mangha Niyang pagpapala, napupuspos ako. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko Siya. Nagpapasalamat din ako sa Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na palaging nananalangin para sa akin at kay Mrs. Boknim Lee na namumuno ng Pulong Panalanging Daniel na puspos ng Espiritu bawat gabi.

# "Hindi Ako Makapaglakad nang Maayos, Pero Ngayon, Nakakapaglaro Ako ng Soccer!"



Kapatid Laigerma, 11 taong gulang, Kinshasa Manmin Church, DR Congo

Mayroon akong 'congenital lymphatic edema' (namamaga ang mga binti) mula noong bata ako. Magang-maga ang kaliwang binti ko, nagnanana pa. Pinasuri ako ng lola ko sa klinika, niresetahan kami ng gamot na dapat kong inumin araw-araw.

Gusto kong makapaglaro gaya ng ibang mga bata pero hindi ako makapaglakad ng maayos dahil sa mga binti ko. Nasasaktan at nalulungkot ako. Hindi ako makapunta sa gusto kong puntahan nang walang kasama. Tinutulungan akong kumilos ng lola ko. Kapag nakakaramdam ako ng labis na pananakit, hindi ako pumapasok sa eskwelahan.

Noong Setyembre 2016, nabalitaan ng lola ko ang tungkol sa pagbisita ng isang pastor na Koreana sa Church of the Living God, gagaling ako kung idadalangin ako nito. Iminungkahi ng lola ko na puntahan namin ang iglesya. Sa unang pagkakataon, pumunta kami sa iglesya, tinanggap ko ang panalanging may panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12) ni Rev. Heesun Lee.

Pagkatapos ng panalangin, may nagbago sa mga binti ko. Naging malakas ang mga ito, nakapaglakad ako, wala na ang pananakit at pamamaga. Parang panaginip! Nakapaglaro na ako ng soccer kasama ng aking mga kaibigan. Nagsisimba na rin ang nanay ko at ang lolo ko. Nagpapasalamat ako sa Panginoon!


## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714